

\$ & ' (!) * * ! + %

! !

" "

!

"

" ## !

\$

\$

\$! % & # \$

!

"

!

(

"

"

!

"

)## !

!

* \$ "

+

+ / ! !- !- !- / - " "

! \$

!

+

0

1 2 #

3

4

" / ! ! / #

Mga requirement sa Pagsusuri sa Pagtatrabaho Kasama ang Mga Bata (Working with Children Check)

- nilalayon na magbantay sa isang bata na mas bata sa 15 taong gulang na nagtatrabaho sa ilalim ng *Batas sa Pag-employo ng Bata (Child Employment Act) 2003* (Vic)
- nilalayon na magtatrabaho sa isang serbisyo na pinangangasiwaan ng *Batas sa Mga Serbisyo para sa Mga Bata (Children's Services Act) 1996* (Vic) o sa isang serbisyo ng edukasyon at pangangalaga sa ilalim ng *Pambansang Batas sa Mga Serbisyong Edukasyon at Pangangalaga) Education and Care Services National Law Act 2010* (Vic)
- ay sumasailalim sa mga kautusan o pag-uulat ng mga obligasyon sa ilalim ng:
 - *Batas sa Pagpaparehistro ng Mga Sex Offender (Sex Offenders Registration Act) 2004* (Vic)
 - *Batas sa Pagsubaybay sa Mga Makalang Sex Offender (Serious Sex Offenders Monitoring Act) 2005* (Vic)
 - *Batas sa Mga Malalang Sex Offender (Detensiyon at Superbisyon) (Serious Sex Offenders (Detention and Supervision) Act) 2009* (Vic).
- Pagsusuri sa Pagtatrabaho Kasama ang Mga Bata (Working with Children Check) Website – Mga FAQ: <https://www.workingwithchildren.vic.gov.au/about-the-check/resources>
- Impormasyon at mga pagsasalina-wika ng Working with Children Check para sa mga di nagsasalita ng wikang Ingles: <https://www.workingwithchildren.vic.gov.au/about-the-check/resources/general-information-guide-and-translations>
- Gabay sa impormasyon ng Mga ministro ng relihiyon ng Working with Child Check: https://www.workingwithchildren.vic.gov.au/sites/default/files/embridge_cache/emshare/original/public/2019/02/4b/387709789/MoR%20nformation%20Guide%20.pdf
- Working with Children Check Victoria
1300 652 879

May bisa lang ang pagsusuri sa boluntaryo para sa trabaho ng isang boluntaryo at kung walang bayad ito. Isang sala na sumali sa isang may sahod na trabahong may kaugnayan sa bata na may pagsusuri sa boluntaryo. Ang pagsusuri sa empleyado ay may bisa para sa may bayad at boluntaryong pagtatrabaho at may babayaran na fee.

May bisa ang WWCC ng 5 taon. Ang mga miyembro ng clergy, empleyado at boluntaryo ay responsable sa pananatili ng isng balido at pinakahuling WWCC.

Ang Yunit ng Mga Pamantayang Propesyonal (Professional Standards Unit) ay makikipagtulungan sa mga WWCC para sa CAM clergy at mga seminarian.

Ang Opisina ng Ebanselisasyon ng Arsobispo ay magpapatuloy na makikipagtulungan sa mga WWCC para sa mga aplikante para sa akreditasyon bilang mga lay ecclesial minister.

KARAGDAGANG IMPORMASYON

Dagdag sa pagiging available sa wikang Ingles at Madaling Maintindihan na Ingles, ang impormasyon ng WWCC ay nasalin-wika sa maraming mga wika ng komunidad kabilang na ang Arabic, Cantonese, Hindi, Mandarin, Somali, Spanish, Urdu at Vietnamese.

Ang Archdiocese ng Melbourne ay may pananagutan sa kaligtasan, kapakanan at dignidad ng lahat ng mga bata, mga kabataan at ang mga mahihinang adult.

Mga requirement sa Pagsusuri sa Pagtatrabaho Kasama ang Mga Bata (Working with Children Check)

WWCC website – Mga Pagsasalin-wika:

www.workingwithchildren.vic.gov.au/home/resources/translations

Kung ang information sheet ay hindi available sa wika ng komunidad, maaaring makipag-ugnayan sa Serbisyo sa Pagsasaling-wika at Pag-interpret (Translating and Interpreting Service) (TIS) sa 13 14 50 at hilingin na tumawag sila sa Linya ng Suporta sa Pagsusuri sa Pagtatrabaho Kasama ang Mga Bata (Working with Children Check Support Line) sa 1300 652 879 (singil para sa lokal na tawag).

Ang mga serbisyo ay available rin para doon sa may mga kahinaan sa pananalita o pandinig o bingi (TTY) sa pamamagitan ng Pambansang Serbisyong Relay (National Relay Service) (NRS):

MGA DETALYE SA PAKIKIPAG-UGNAYAN

- Mga TTY/voice call: 133 677
- magsalita at makinig 1300 555 727
- website: <https://relayservice.gov.au>.

KUNG TUMANGGI ANG TAO NA MAG-APPLY O MAGBIGAY NG WWCC

Kung tumanggi ang isang tao na mag-apply o magbigay ng WWCC, hindi sila pinapahintulutan na sumali sa trabaho o gumawa ng isang boluntaryong tungkulin sa loob ng Catholic Archdiocese of Melbourne. Ang Professional Standards Unit ng Catholic Archdiocese of Melbourne ay dapat maka-ugnayan para sa mga karagdagang payo kung san tumanggi ang taong tugunan ang isang requirement ng WWCC.

REQUIREMENT PARA MAGPAREHISTRO SA PAGSALI SA MGA PAROKYA, AHENSYA AT ENTITY

Hinihiling sa clergy, empleyado at boluntaryo na magparehistro sa kanilang pagsali sa parokya, ahensya o entity sa loob ng 21 araw nang sila ay magsimula, sa pamamagitan ng MyCheck function ng Working with Children Check website: <https://online.justice.vic.gov.au/wwccu/login.doj?next=mycheck>

Papahintulutan nito ang parokya, ahensya o entity na masabihan kung may pagbabago sa katayuan ng nasabing tao sa WWCC (hal. suspension, pag-alis sanhi ng mga matitinding akusaSYON o pagsasakdal).

Ang Pagsusuri sa Katayuan (Check Status) na function sa Working with Children Check website ay nagpapahintulot sa mga organisasyon na tingnan ang status, uri at petsa ng expiration ng card o aplikasyon ng tao: <https://online.justice.vic.gov.au/wwccu/checkstatus.doj>

REQUIREMENT PARA I-UPDATE ANG MGA DETALYE SA WWCC

Ang Clergy, empleyado at boluntaryo ay hinihiling lahat na panatiling up to date ang mga detalye ng WWCC, kasama na ang :

- pangalan
- petsa ng kapanganakan
- residential address
- mga numero ng telepono
- mga detalye sa pakikipag-ugnayan ng mga organisasyon na kinabibilangan (hal. trabaho, boluntaryong trabaho).

Ang Archdiocese ng Melbourne ay may pananagutan sa kaligtasan, kapakanan at dignidad ng lahat ng mga bata, mga kabataan at ang mga mahihinang adult.

Mga requirement sa Pagsusuri sa Pagtatrabaho Kasama ang Mga Bata (Working with Children Check)

Ang mga detalye ng WWCC ay maaaring i-update sa pamamagitan ng MyCheck function ng Working with Children Check website: <https://online.justice.vic.gov.au/wwccu/login.doj?next=mycheck>

PAGPAPAREHISTRO SA WWCC

Ang mga Archdiocese ng mga parokya, ahensiya at entity ay dapat magtabi ng isang rehistro ng lahat ng mga WWCC at tiyakin na ang mga WWCC para sa clergy, mga empleyado at boluntaryo ay naaangkop ayon sa kanilang situwasyon (hal. boluntaryo o sa trabaho), sa pangkasalukuyan at nauugnay sa parokya, ahensiya, o entity hal. inirehistro ng tao ang kanilang pagiging bahagi sa parokya.

Ang mga parokya, ahensiya at entity ay hinihiling na tiyakin ang katayuan ng mga WWCC sa pamamagitan ng Working with Children Check website para matiyak na ang tao ay nag-apply para sa WWCC o para makumpirma na ang tao ay kasalukuyang may WWCC.

Mga minimum na requirement para makapagparehistro:

- pangalan ng miyembro ng clergy, empleyado o boluntaryo
- (mga) pangalan ng tungkulin
- kung ang tungkulin ay boluntaryo o posisyon bilang isang empleyado
- kung may ipapataw na exemption at isang pagpapaliwanag kung bakit gagamitin ang isang exemption hal. boluntaryo na mas bata sa edad na 18
- numero ng resibo ng application (para doon sa nag-a-apply para sa isang pagsusuri)
- numero ng WWCC
- card sighted column – para sa lagda ng taong nakakita sa card
- petsa ng expiration
- currency/validity check sa pamamagitan ng Working with Children Check website
- narehistro ang pagiging bahagi sa paroka, ahensiya o entity

MGA OBLIGASYON NA MAY KAUGNAYAN SA PAGBABAGO NG KATAYUAN SA WWCC

Sa mga kaganapan kung saan:

- ang tao ay binigyan ng isang Pansamantalang Negatibong Abiso bilang parte ng proseso ng application
- isang WWCC ng kasalukuyang clergy, mga empleyado at boluntaryo ay nagpaso na, nasuspinde o binawi (Negatibong Abiso)

ang miyembro ng clergy, empleyado o boluntaryo ay dapat sabihin agad sa parokya, ahensiya o entity at huminto sa pagsali sa ministry o magtatrabaho hangga't nalutas sa kasiya-siyang paraan ang isyu.

Ang mga parokya, ahensiya at entity na sinabihan o nagkaroon ng malay sa mga pagbabago sa katayuan ng WWCC (hal. pagpapaso, suspension o pag-alis ay dapat na kumilos upang matiyak na ang empleyado o boluntaryo ay hindi makakasali sa trabaho hangga't ang paksa ay kasiya-siyang nalutas.

MGA MAGULANG NA NAGTATRABAHO O NAGBOLUNTARYO SA ISANG AKTIBIDAD KUNG SAAN KARANIWANG SUMASALI ANG KANILANG ANAK

Sa aming mga pagsisikap para mapatibay ang kaligtasan ng bata, ang CAM ay nagdesisyon na hilingin mula sa mga magulang na nagtatrabaho o boluntaryo sa isang aktibidad kung saan karaniwang sumasali ang kanilang anak na sumailalim sa pagkuha ng isang WWCC. Ang clergy, mga empleyado at boluntaryo na may posisyon ng kapangyarihan at awtoridad na may kinalaman sa mga bata at kabataan, at ang lahat ng mga

Ang Archdiocese ng Melbourne ay may pananagutan sa kaligtasan, kapakanan at dignidad ng lahat ng mga bata, mga kabataan at ang mga mahihinang adult.

Mga requirement sa Pagsusuri sa Pagtatrabaho Kasama ang Mga Bata (Working with Children Check)

hakbang ay dapat gawin para matiyak na ang mga nakikipag-ugnayan sa mga bata at kabataan na napapaloob sa CAM ay naususuri para matiyak na wala silang apgabanta sa mga bata at kabataan.

VICTORIAN INSTITUTE OF TEACHING REGISTRATION AT ANG WWCC

Isang guro na may kasalukuyang rehistro sa Victorian Institute of Teaching (VIT) at bahagi ng isang trabaho na may kinalaman sa bata sa isang kapaligiran ng pagtuturo ay hindi kasali sa mga requirement para kumuha ng WWCC. May bisa mula ika-1 ng Setyembre 2019, hihilingin ng VIT mula sa mga nakarehistrong guro na magtalaga ng mga organisasyon kung saan sila ay aako ng boluntaryong trabaho sa WWCC Unit. Ang WWCC Unit ay magpapadala sa parokya, ahensya o entity ng isang kumpirmasyon na ang guro ay nagnomina ng organisasyon. Matitiyak nito na ang VIT ay maaaring magbigay abiso sa mga organisasyon kung ang rehistro ng guro ay nasuspende o nakansela.

ANG PULIS AT ANG WWCC

Ang mga naglilingkod na miyembro ng Victoria Police o ng Australian Federal Police ay hindi kasama mula sa requirement ng WWCC sa ilalim ng Batas ng Victoria.

Gayunman, dahil walang direktang pamamaraan para bigyang abiso ang mga organisasyon sa kasalukuyang katayuan ng trabaho ng opisyal, hinilingin na ang mga pulis ay sumailalim sa pagkuha ng WWCC at magnomina ng isang parokya, ahensiya o entity bilang

nagboluntaryong indibiduwal o grupo. Matitiyak nito na ang CAM ay masasabihan kung ang WWCC card ay nasuspende at/o inalis.

MGA RESPONSABILIDAD NG PAROKYA, AHENSYA AT ENTITY NA MAY KAUGNAYAN SA WWCCS PARA SA MGA PROGRAMA NG KOMUNIDAD NA SINUSUPOORTAHAN NG MGA PANLABAS NA AHENSIYA, MGA PANLABAS NA PROVIDER NA GUMAGAMIT NG MGA PASILIDAD NG PAROKYA AT ARCHDIOCESE AT MGA CONTRACTOR.

Ang 'Aplikasyon na seksyon ng Safeguarding Children and Young People Policy ay nagtatakda ng mga responsibilidad na may kaugnayan sa mga WWCC para sa:

- mga programa ng komunidad na sinusupoortahan ng mga panlabas na ahensiya
- mga panlabas na provider na gumagamit ng mga pasilidad ng parokya at Archdiocese
- mga contractor na maaaring bahagi para makapagkaloob ng mga tiyak na goods o serbisyo.

MGA EXEMPTION (HINDI KASAMA)

May limitadong mga pangyayari kung saan hindi kinakailangan ang WWCC:

- Ang mga mas bata sa 18 taong gulang ay hindi kasama sa requirement ng WWCC maliban kung sila ay nagbabantay sa isang tao na may edad na 15 taong gulang sa isang situwasyon kung saan nagtatrabaho ito.
- Ang mga interstate at galing sa ibang bansa na bisita at hinihiling na mag-apply para sa WWCC kung sila ay kasama sa ministry, nagtatrabaho o boluntaryo sa Victoria sa isang takdang panahon na higit sa 30 araw kada taong batay sa kalendaryo.
- Maaaring sumali sa short-term o one-off volunteering o trabaho sa isang parokya sa loob ng takdang panahon na hanggang 5 araw sa parehong taon na batay sa kalendaryo. Hinihiling mula sa Safeguarding

Ang Archdiocese ng Melbourne ay may pananagutan sa kaligtasan, kapakanan at dignidad ng lahat ng mga bata, mga kabataan at ang mga mahihinang adult.

Mga requirement sa Pagsusuri sa Pagtatrabaho Kasama ang Mga Bata (Working with Children Check)

Committees ng parokya, ahensiya at entity para magsagawa ng isang risk assessment para tasahin ang posibleng panganib na may kaugnayan sa short-time o one-off na tungkulin para matiyak ang mga requirement ng WWCC (at/o criminal history record check) at mga estratehiya para mabawasan ang panganib sa mga bata at kabataan. Ang mga aktibidad na makatuwirang naturing na malaking panganib ay kinabibilangan ng pagbisita sa bahay, pamamalagi ng magdamag, mga camp at biyahe sa ibang bansa; kailangan ng mga ito ang WWCC. Matutulungan kayo ng Professional Standards Unit sa pagpapasya sa iyong pamamaraan sa short-term o one-off volunteering o mga tungkulin.

MGA OBLIGASYON NG MGA PAROKYA, AHENSIYA AT MGA ENTITY KAPAG ANG WWCC AY NASUSPINDE O INALIS

Kung ang isang tao (miyembro ng clergy, empleyado, boluntaryo o aplikante) ay nakatanggap ng Interim Negative Notice (sa unang pag-apply nila para sa WWCC) o isang Negative Notice (bilang resulta ng patuloy na pagsusuri na nagaganap sa itinatagal ng iyong check), ang iyong parokya, ahensiya o entity ay makakatnaggap ng kopya ng abiso, kung ang iyong parokya, ahensiya o entity ay nakalista sa Working with Children Check Unit, Departamento ng Hustisya at Kaligtasan ng Komunidad (Department of Justice and Community Safety).

Ang tao ay may obligasyon na sabihin sa parokya, ahensiya o entity na sila ay nagtatrabaho o boluntaryo, sa loob ng 7 araw mula nang matanggap ang Negatibong Abiso.

Dapat matiyak ng parokya, ahensiya o entity na:

- ang empleyado o boluntaryo ay nasuspinde mula sa kanilang pagtatrabaho o tungkulin bilang boluntaryo hangga't mapatunayan nila na muling itinatagala ang kanilang WWCC
- ang empleyado o boluntaryo ay walang kontak at/o trabaho na kinasasangkutan ng mga bata at kabataan na kasali sa mga programa, aktibidad o event ng parokya, ahensiya o entity
- ang Pansamantalang Negatibong Abiso o Negatibong Abiso ay nakatala sa rehistro ng WWCC ng parokya, ahensiya o entity.



CATHOLIC ARCHDIOCESE
OF MELBOURNE

Unang Bersyon:
Hulyo 2019 Professional
Standards Unit
psu@cam.org.au

Ang Archdiocese ng Melbourne ay may pananagutan sa kaligtasan, kapakanan at dignidad ng lahat ng mga bata, mga kabataan at ang mga mahihinang adult.